


Ang Seattle Transportation Benefit District alinsunod sa Ating Plano




Noong 2014, inaprubahan ng mga botante ng Seattle ang Proposition 1 para mapondohan ang pagbili ng karagdagang serbisyo ng Metro at programa ng transportasyon para sa mga residente ng Seattle.

Kabilang sa batas na ito na inaprubahan ng mga botante ang pagkakaroon ng \$60 na bayarin para sa lisensya ng sasakyan at 0.1% pagtaas ng sales tax para makalikom ng humigit-kumulang \$45 milyon taun-taon para mapahusay ang pagkakaroon ng transportasyon at ang access dito sa loob ng 6 na taon (2014-2020).

Pagkalipas lang ng isang taon—nababawi na natin ang mga puhunang ito.

MAY MALAKING EPEKTO ANG PROP 1!



270,000 ang naidagdag na oras ng serbisyo taun-taon—katumbas ng 61 bus na bumibiyahe nang 12 oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon.

Dinagdagan ng serbisyo ang **85%** ng mga ruta sa Seattle. Iyon ay 56 sa 66 na ruta!



Mga Naayos na Ruta: 5 sa 9 na ruta ang nailigtas mula sa naplanong pag-aalis



Nabawasan ang Pagsisiksikan: 37 ruta ang may mas maraming biyahe ng bus




Mas Maaasahan: Mas maaasahan na ngayon ang 54 na ruta




Mas Madalas na Biyahe: Mas madalas nang may bumibiyahe sa 38 ruta

LALONG BUMILIS ANG RAPIDRIDE...AT DUMAMI RIN ANG SUMASAKAY!

Dahil sa 37% higit na oras ng biyahe ng RapidRide, nadagdagan ng 7,000 ang sumasakay araw-araw



2,300 BAGONG PAGSAKAY ARAW-ARAW **3,000** BAGONG PAGSAKAY ARAW-ARAW **1,700** BAGONG PAGSAKAY ARAW-ARAW



MAS NAPAPADALI ANG ACCESS SA TRANSPORTASYON



< 10min



Ngayong 51% na ng mga bahay ang nasa walking distance lang hanggang sa 10 minutong layo o pagkakaroon ng mas mahusay na serbisyo, nasa higit 2/3 na tayo sa 72% na ating layunin sa 2025 para sa Move Seattle.

PAMUMUHUNAN PARA MAPADALI ANG ACCESS AT MAGING ABOT-KAYA



4,909 REBATE NG VLF ANG NAIBIGAY

Makukuha ang mga rebate ng VLF para sa mga aplikanteng kwalipikado batay sa kanilang kinikita.



18,596 ORCA LIFT CARDS

64% ng 31,180 ORCA LIFT card sa buong county ang naibigay sa mga residente ng Seattle para sa higit 400,000 biyahe. Inilunsad ang Youth ORCA Program.



LAHAT NG RUTA NG NIGHT OWL AY NAILIGTAS

Nailigtas ang lahat ng tatlong Ruta ng Night Owl mula sa naplanong pag-aalis.